



Australian Government

Department of Health

Narito ang mga kailangan mong malaman tungkol sa bagong COVIDSafe app:

Halos 5 milyong Australyano ang nag-download na ng COVIDSafe app. Lahat ng mga Australyanong may mobile phone ay hinihikayat na gumamit sa app at tulungang bagalan ang pagkalat ng coronavirus at suportahan ang unti-unting pag-aalis ng mga paghihigpit.

Ano ang COVIDSafe app?

Ang COVIDSafe app ay isang bagong tool (gamit) ng pampublikong kalusugan upang tulungang bagalan ang pagkalat ng coronavirus sa Australya. Ito ay tutulong panatilihin ang mga Australyano sa pamamagitan ng pagpapabilis ng proseso sa pag-abiso sa mga tao na nagkaroon ng kontak sa isang tao na may coronavirus. Ang app ay dagdag pa sa pagpapatuloy ng malinis na kaugalian at pagdistansyang-pisikal, pati na sa pagdami ng bilang ng mga tao na nagpapa-test.

Ang app ay gumagana sa likuran ng iyong phone habang ginagawa mo ang pang-araw-araw na mga gawain. Gumagamit ito ang Bluetooth upang hanapin ang iba pang mga mobile phone na may COVIDSafe app, at nagrerekord ng petsa, oras, distansya at katagalan ng pagkontak. Ang app ay hindi nagrerekord ng iyong lokasyon. Inirerekord ng app ang device na nalapitan mo nang 1.5 metro nang 15 minuto o higit pa.

Ang impormasyon ay mae-encrypt at iimbakin sa app na nasa iyong mobile phone. Ni ikaw ay hindi makaka-access nito.

Ang impormasyon ng kontak ay iimbakin lamang sa app hanggang 21 araw, at makaraan ito, ang impormasyon ay awtomatikong inaalis. Ang panahong ito ay nagbibigay ng oras para sa maximum na 14-na araw na panahon ng inkubasyon ng virus, at ng oras na kakailanganin upang makumpirmi ang isang positibong resulta ng test.

Paano ang pag-set up ko ng app?

Maida-download mo ito mula sa mga app store sa Android at iOS. Ang app ay libre at ang pag-download nito ay boluntaryo.

Makaraang mai-download, magrehistro ka sa pamamagitan ng pagpasok ng pangalan, numero ng telepono, post code at hanay ng edad.

Kapag ang COVID-19 ay hindi na mapanganib, ikaw ay uudyukan na alisin ang COVIDSafe sa iyong mobile phone. Ito ay mag-aalis ng lahat ng impormasyong nakaimbak sa app.

Paano tutulong ang COVIDSafe na protektahan ang komunidad?

Kung ikaw ay nadiyagnos na may COVID-19, ang mga pangkalusugang opisyal ng estado and teritoryo ay hihilingan ka ng impormasyon tungkol sa lahat ng naka-kontak mo kamakailan.

Kung nag-download ka ng app, maaari mong piliing magbigay sa mga pangkalusugang opisyal ng access sa impormasyon na nasa app (na nagrekord kung kanino ka nagkaroon ng malapitang kontak). Sa gayon, makokontak ng mga pangkalusugang opisyal ang mga taong iyon nang mas mabilis at mahahadlangan ang pagkalat ng virus.

Sino ang gagamit ng impormasyon?

Ang mga pampublikong pangkalusugang opisyal lamang sa iyong estado o teritoryo ang magkakaroon ng access sa impormasyong ito, at upang makontak at maabisuhan ka lamang nila:

- kung ano ang dapat mong matyagan
- kung kailangan mong makuwarantena
- paano, kailan, at saan ka magpapa-test at
- paano mo mapoprotektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya at mga kaibigan.

Karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19

Mahalaga na manatiling may-kaalaman sa pamamagitan ng mga opisyal na mapagkukunan. Bumisita sa australia.gov.au, tawagan ang National Coronavirus Helpline sa 1800 020 080 o ang Translating and Interpreting Service sa 131 450.